# Lagablab sa Utak ng mga Kaanak ng mga Desaparasido

RENE BOY ABIVA

Kung 'di papakinggan ng mga nagbabanal-banalang nakatuksido, nakabarong, sahuran, at de-kotse ang aming hiling pagmamakaawa at daing na ilitaw ang aming mga kaanak na araw, linggo, buwan, taon at dekada nang nawawala, h'wag kayong aarte, aatungal at aalagwa kung sakaling babangon mula sa hukay ang mga kawang inyong itinago at pinatay na buhay at pilit inilibing nang 'alang kabaong maliban sa ilan sa kanila na inyong ibinalot sa banig at sako na animo'y kakaning tupig at suman sa palengke.

Dahil kung kami lamang din ang tatanungi'y hahayaan namin kayong usigin ng inyong mga sariling pinag-iisip at pinaggagawa. Kahit pa magtago kayo sa mga de-rosaryo, de-marmol at de-santong mga muog, munisipyo, kongreso, senado, templo, palasyo, at embahada ng mga amo niyong Kano at Tsino ni sa salawal ng mga kleriko-pasistang nagkukunwaring mga alagad ni Kristo gayong sa katotohana'y mga baboy na alaga ni Pilato.

Hahayaan namin kayong kaladkarin ng mga langaw at lamok papalabas sa inyong lungga.
Hahayaan namin kayong ibilad sa nilalagnat na lupa at magisa sa inyong sariling mantika.
Hahayaan namin na laplapin ng mga nagsisisayaw at nakataas nakakuyom na kamao na mistulang banderitas na mga anino ang inyong mga kutis na mala-labanos at pisnging mala-mansanas na tatak ng inyong pagpapakatuta sa mga banyaga.
Hahayaan namin na kayo'y lingkisin ng mga magagaspang at amoy pawis na palad ng mga anakpawis na madalas n'yong itakwil, kamuhian, at pandirihan. Hahayaan namin na kayo'y pukpukin ng mga ugatin at naghihimutok na kayumangging bisig nang sa gayo'y ni ang inyong malay ay 'di makatiplas sa pag-usig.
Hahayaan namin na kayo'y ihilera sa talahiban at damhin ang talas, kati, kamandag, at sakit ng mga nakatindig na dahong-palay.
Hahayaan namin kayong magdeliryo, mangisay, at bumula ang inyong mababaho, marumi, at makasalanang bibig.
Hahayaan namin na kayo'y mapiga't lumabas sa inyong mga titi at puki ang malagim n'yong deka-dekadang lihim at yaman.

Hahayaan namin na tumirik at bumaliko ang dulo ng inyong mga daliri na manikurado ang mga kuko tanda ng inyong pagiging Prinsipe, Prinsesa, Reyna, at Hari.
Hahayaan namin na sumubsob at isungkil sa malagkit at makunat na putik ang inyong baba, ilong, at noong laging nakataas at nakatanghod sa langit na animo'y inyong pag-aari.
Hahayaan namin na kayo'y gutayin at pagpipira-pirasuhin ng mga dospordos, maso, at itak.
Hahayaan namin na butasan ng icepick at buriki at umagos mula sa inyong de-perlas, de-garing, at de-alahas na leeg ang likidong ipambabayad n'yo sa inyong mga karumal-dumal, kahindik-hindik at kakila-kilabot na mga utang, kasalanan, at pagtataksil sa bayan at sangkatauhan.
Hahayaan namin na kayo'y maihi at matae sa sariling mamahalin imported na salawal.
Hahayaan namin na lumabas ang inyong mahaba at matulis na dila na madalas dampian ng Chivas Regal, Johnnie Walker, Alfonso Gold-Platinum, litson, prutas, keyk, ispageti, leche flan, at labi, leeg, dibdib, utong, puson, at singit ng mga kinatalik n'yong mga bayarang lalaki at babae na nagkukuta sa Pegasus at Malate.
Hahayaan namin na mabali at mawasak ang inyong matris at bayag.
Hahayaan namin na langhapin, dilaan, lasapin at kainin ng mga ipis, aso, at pusa ang inyong mga semilya at itlog na s'yang ugat ng 'di matapus-tapos n'yong dinastiya.
Hahayaan namin na pumutok ang inyong mga puso, bituka, utak, at mata
at paglaruan pagpiyestahan ng mga patay-gutom na uod at uwak.
Hahayaan namin na umagos sa mga madidilim at makikipot na kanal na kulay-burak at amoy nabubulok na hayop ang inyong maitim at malapot na dugo.
Hahayaan namin na ang mga palahaw, alulong, at agunyas ng mga kampana ang kukutkot at huhukay sa inyong libingan.
Hahayaan namin kayong ibitin nang patiwarik gaya na lamang sa nangyari kay Mussolini at sa kanyang mga kabit.

Hahayaan namin na mangyari ang lahat ng mga 'to sa lahat ng mga galamay at umiibig sa pagpapahirap at panduduhagi.
Hahayaan namin na lasapin n'yo sa huling hibla at butil ng inyong buhay ang kumukulong higanti at galit ng mga kaanak ng mga desaparasido.
Hahayaan namin na inyong tunghayan sa huling sandali
ang isang alapaap himpapawid na nag-aalab at nag-aapoy.
Hahayaan namin na kayo ang unang lamunin ng Bagong Paraiso pagkatapos maganap at magtagumpay ang huling propesiya.
Ito ang himahas naming mga manunubos at mesiya na nilikha at iniluwal ng dusa, rimarim, lungkot, at pagpapagal.
Ito ang lagablab sa utak na t'yak magpapaalab at gigising sa mga dalumat na tulog at gising, at babangon at hihikayat sa mga kulay lupa at dahong bayani na isakatuparan 'tong aming sinasabi.
Itong aming sinasabi na s'yang huling tungkulin ng mga bagong Magdalena, Gregoria, Tandang Sora, Sayong, David, Samson, Bernardo, Bonifacio, Macliing,

Melito, Fortunato, Parago, at marami pang iba.
Na sa dami'y waring butil na ng ulan at buhangin sa dalampasigan na nakahimpil sa mga sakahan, tubuhan, pagawaan, eskwelahan, at iskwater ng bayang kanilang tutubusin.
Ito ang muling pakikipagtipan ng Tao sa Banal na Espirito- mata sa mata, ngipin sa ngipin.
At mahahati ang ilog sa dalawa.
Uulan ng bulalakaw sa gabi at umaga.
Bababa ang madungis at mabangis na hukbo ng mga alipin
na nanaog nang daantaon sa mga lambak at kasuluksulukan ng mga bundok, burol at talampas ng kung anong nayon ng mga probinsya. Na sa tagal ng digmaa'y tumubo nang anong haba ang kanilang buhok, bigote, at balbas na waring propeta't ermitanyo o brigada ng mga magsasaka noon ni Sakay.
Na kinupkop at pinayabong ng mga engkanto at diwata ng Makiling at Banahaw.
Na hinandugan at ginantimpalaan ng birtud at agimat na mula sa ngipin ng musang at kidlat.
Bababa sila kasama ang mga anghel San Miguel at arkanghel na nakaparka at kamesa-de-tsino sakay ng baka, kalabaw at kabayo na ang baluti sa pawisan at matikas nilang katawan ay bandoler ng mga bala at magasin ng M16, garan, Otomatikong Kalashnikov at masinggan.
Na ipambubuwal at ipampupulbos sa bayaran at duwag na katihan ng republikang pinamumunuan ng mga taksil at tampalasan.

Isa talagang bangungot ang magaganap na huling paglalaban!
Isang mapait masarap na bangungot ang magaganap na paghulagpos, himagsik at paglaya ng mga nakulob na poot!

Ito ang babala ngunit nangyayari na sa ating panahon. Ituro at ilabas n'yo ang aming mga kadugo at kauri kung saan n'yo sila pilit ipiniit ibinaon!